

MGA BATA at ADULTS NA WALA PANG 65 TAONG GULANG

Ang NJ FamilyCare ay isang publicly funded health coverage para sa NJ residents. Ito'y nagbibigay ng libre o abot-kayang mahusay na health care. Kasama sa NJ FamilyCare program ang CHIP, Medicaid at Medicaid expansion populations.

Ano ang Sinasakop?

Ang NJ FamilyCare ay nagbibigay ng buong health care coverage sa pamamagitan ng mga health plan na kinontrata ng estado. Sinasakop ng NJ FamilyCare ang halos lahat ng pangangailangan sa health care, kabilang ang:

- mga pagpunta sa doktor
- mga x-ray
- mga salamin
- mga de-resetang gamot
- pagpapa-ospital
- mga serbisyo sa mental health
- mga lab test
- dental
- mga pagpunta sa espesyalista

Sino ang Kwalipikado:

Ang mga kwalipikadong NJ residents, anuman ang edad, ay maaaring maging kwalipikado para sa NJ FamilyCare. Kabilang dito ang mga anak, mga magulang, mga kamag-anak ng caretaker, at mga taong may sapat na gulang na walang mga dependent na anak. Ang pagiging kwalipikado ay batay sa kita at kalakihan ng sambahayan na iniulat sa pinakabagong federal tax return ng aplikante. Gayunman, maaaring gamitin ng NJ FamilyCare ang ibang sources, katulad ng mga pay stub, upang patunayan ang impormasyon. Ang pagiging kwalipikado ng kita para sa mga bata ay mas mataas kaysa sa pagiging kwalipikado ng kita para sa adults. (Tingnan ang chart)

Magkano Ito?

Ang NJ FamilyCare ay libre para sa maraming tao: walang mga buwanang premium o mga co-payment (kabahaging bayad).

Para sa mga pamilyang mas mataas ang kinikita at may mga anak, may sliding scale para sa mga co-payment at mga buwanang premium.

MAXIMUM NA BUWANANG KITA mula Enero 1, 2018

Kalakihan ng Pamilya at Buwanang Kita na Inireport sa iyong Federal Taxes

Laki ng Pamilya *	Mga Anak (Wala pang 19)	(Mga) Magulang at (Mga) Single Adult (19-64 taong gulang)	Mga Buntis na Babae (Anumang Edad)
1	\$ 3,592	\$ 1,397	Hindi Angkop
2	\$ 4,870	\$ 1,893	\$ 2,812
3	\$ 6,148	\$ 2,390	\$ 3,550
4	\$ 7,426	\$ 2,887	\$ 4,288
5	\$ 8,704	\$ 3,384	\$ 5,026
6	\$ 9,982	\$ 3,881	\$ 5,764
Bawat Karagdagang Miyembro	\$ 1,278	\$ 497	\$ 738

* Ang laki ng iyong pamilya ay maaaring mahadlangan ng kabuuang bilang ng (mga) magulang o (mga) caretaker, at lahat ng mga kadugo na anak na wala pang 21 taong-gulang at na tax dependent, at sino mang ibang tax dependent na indibidwal na naninirahan sa iyong tahanan.

Mayroon Bang Anumang Mga Restriksyon?

Ang mga kondisyon na dati nang naroroon ay hindi nakakaapekto sa pagiging kwalipikado. Sa karamihang mga kaso, ang mga bata ay dapat walang medical insurance ng kahit 3 buwan man lamang upang maging kwalipikado. Dahil mayroong mga eksepsiyon, tumawag sa NJ FamilyCare kung mayroon kang katanungan.

Ang adults ay dapat may Legal Permanent Resident status nang limang taon man lamang upang maging kwalipikado. Ang mga bata at mga buntis na babae, anuman ang kanilang petsa ng pagpasok sa US, ay maaaring kwalipikado kung sila'y legal residents. Para sa residents na walang dokumento, ang kanilang mga anak ay maaaring kwalipikado kung sila'y ipinanganak sa US.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Upang malaman kung ikaw ay kwalipikado, o para sa karagdagang impormasyon, tumawag o bisitahin ang aming website.

www.njfamilycare.org Mag-aplay online!

1-800-701-0710

(May mga operator na nagsasalita ng iba't-ibang wika)

TTY 1-800-701-0720

(Para sa mga may kapansanan sa pandinig)

Ang NJ FamilyCare ay tumutupad sa mga angkop na Pederal na batas ukol sa mga sibil na karapatan at hindi ito nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, kasarian, edad, o kapansanan. Kung nagsasalita ka ng **Tagalog**, may makukuha kang tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-800-701-0710 (TTY: 1-800-701-0720).